# Ang Paninikluhod Yugto 7

Ang Banal na Kasulatan ay nagsasaad ng higit tungkol sa paninikluhod bilang makahulugang nakadapang katayaun sa pamamagitan sa harapan ng Panginoon.

27- "1 Si Core nga na anak ni Ishar, na anak ni Coath, na anak ni Levi sangpu ni Dathan at ni Abiram na mga anak ni Eliab, at si Hon na anak ni Peleth, na mga anak ni Ruben, ay nagsikuha ng mga tao:2 At sila'y tumindig sa harap ni Moises, na kasama ng ilang mga anak ni Israel, na dalawang daan at limang pung prinsipe sa kapisanan na tinawag sa kapulungan na mga lalaking bantog:3 At sila'y nagpupulong laban kay Moises at laban kay Aaron, at sinabi nila sa kanila, Kayo'y kumukuha ng malabis sa inyo, dangang ang buong kapisanan ay banal, bawa't isa sa kanila, at ang Panginoon ay nasa gitna nila: bakit nga kayo'y magmamataas sa kapisanan ng Panginoon?" (Bilang 16:1-3) Narito ang panibagong pangkat ng hindi makatuwirang nagwawalang mga tao mula sa mga Levita, nagtipon sa palibot nila mga prinsesa, mga pinuno, at mga lalaking bantog, nagbangon laban kay Moises at Aaron, sinasabi sa kanila na marami silang kinuha para sa kanilang sarili; sinasabi sa kanila na kung bakit nila inilalagay ang kanilang sarili sa itaas ng kapisanan. Ngunit batid natin na ang Diyos ay nagsalita kay Moises, at kay Moises ibinigay ng Diyos ang katuruan at mga alintuntunin, at ang mga walang kabuluhang pagmumukha ay dumating at nagsalita ng ganoon ng kay Moises at Aaron. Sa ganoong kalagayan ano ang iyong inaasahan kay Moises at Aaron na ikikilos sa ganyang hindi makatuwirang mga tao? Isipin mo na ang iyo o ating tinuturuan at dinidisipolo, sila'y pumunta nang may walang hiyang mga mukha at magsasalita ng ganoong ng masamang paraan; ano ang magagawa natin sa ganyang uri ng mga tao pagkatapos ng lahat ng ating pagtuturo at pagsusumikap, sila'y titindig at nais na maging higit sa atin? Ano ang natitira lamang ay lumapit sa Diyos na dumating sa Kanyang paghatol upang harapin sila.

"4 At nang marinig ni Moises, ay nagpatirapa.'' (Bilang 16:4) Nang narinig ni Moises ang tungkol dito, siya ay nagpatirapa, nakadapa at nanikluhod sa paanan ng Panginoon. Pagkatapos ng paninikluhod ni Moises ay nakuha ang sumusunod mula sa Panginoon:

A. Si Moises ay nagkalakas ng loob at nagtiwala sa mula sa Panginoon, at ang karunungan mula sa Diyos na pumunta at harapin ang mga taong ito at pumaroon at sinalita sa kanila ang mabubuting mga bagay gaya ng ating babasahin dito, ''5 At sinalita niya kay Core at sa kaniyang buong pulutong, na sinasabi, Sa kinaumagahan ay ipakikilala ng Panginoon kung sino ang kaniya, at kung sino ang banal, at kung sino ang palalapitin niya sa kaniya: sa makatuwid baga'y ang piliin ay siyang kaniyang palalapitin sa kaniya.6 Ito'y inyong gawin; kumuha kayo ng mga suuban, si Core at ang kaniyang buong pulutong;7 At lagyan ninyo ng apoy at patungan ninyo ng kamangyan bukas sa harap ng Panginoon: at mangyayari na ang tao na piliin ng Panginoon, ay siyang banal: kayo'y kumukuha ng malabis sa inyo, kayong mga anak ni Levi." (Bilang 16:5-7) Sinabi ni Moises sa kanila na bukas ipapakita ng Diyos sa kanila kung sino Siya, at kung sino ang banal; at magsasanhi sa kanila na lumapit sa Kanya: kahit siya na Kanyang hinirang ay papalapitin Niya sa Kanya. Sa parehong paraan habang tayo'y naninikluhod, bibigyan tayo ng lakas ng loob at ng tiwala na pumaroon at hamunin, at harapin ang ganoong mga tao, at tuturuan tayo kung ano ang kailangan nating salitain sa kanila at kung ano ang sasabihin sa kanila.

B. Sinaway ni Moises sila at ipinakita sa kanila ang kanilang mga kasalanan na nais nilang kunin ang posisyon ni Moises at Aaron. Sila'y hindi nasisiyahan sa pagiging mga Levita, manggagawa, na naglilingkod sa harap ng Panginoon sa mga tao, ngunit ngayon sila'y napakaganid at nais kunin ang pagkaseserdote mula kay Moises at Aaron. Hindi nila hinanap ang Diyos, kundi ang gusto nila ang posisyon, gaya ng ipinaliwanag iyon dito ni Moises, "8 At sinabi ni Moises kay Core, Dinggin ninyo ngayon, kayong mga anak ni Levi:9 Minumunting bagay pa ba ninyo na kayo'y ibinukod ng Dios ng Israel sa kapisanan ng Israel, upang ilapit niya kayo sa kaniya, upang gawin ninyo ang paglilingkod sa tabernakulo ng Panginoon, at upang kayo'y tumayo sa harap ng kapisanan na mangasiwa sa kanila:10 At inilapit ka niya sangpu ng lahat ng iyong mga kapatid na mga anak ni Levi? at hangarin din naman ninyo ang pagkasaserdote?" (Bilang 16:8-10) Sa parehong paraan kapag tayo'y nanikluhod at nanalangin sa Diyos ipapakita sa atin ang kasalanan ng mga tao at ipapaliwanag sa atin kung paano ito sasabihin at ipapaliwanag ito ng malinaw sa kanila.

C. Sinabi ni Moises sa kanila ng malinaw na ang kanilang pagtitipon laban sa mga namumuno ay hindi laban sa tao kundi laban sa Diyos gaya ng ating babasahin dito, "11Kaya't ikaw at ang iyong buong pulutong ay napipisan laban sa Panginoon: at si Aaron, ano nga't siya'y inyong inupasala?" (Bilang 16:11) Sa parehong paraan kapag tayo'y naninikluhod at nanalangin sa Diyos ay ipapakita sa atin ang makasalanang gawa ng mga tao ay laban sa Diyos at hindi laban sa atin bilang namumuno ng simbahan, kaya kailangan nating harapin sila sa gayon; gagawin atin iyon upang sila ay mapigilan at sila'y magsisi.

D. Ipinadala ni Moises sa ibang mga pinuno na kasama sa paghihimagsik na iyon ngunit sila'y tumangging lumapit at pinaratangan si Moises na dinala sila sa ilang hindi dahil sa patnubay ng Diyos kundi para sa lamang na siya ay maging pinuno sa kanila, at walang paggagalang kay Moises gaya ng ating babasahin dito, "12 At ipinatawag ni Moises si Dathan at si Abiram, na mga anak ni Eliab: at kanilang sinabi, Hindi kami sasampa:13 Munting bagay pa ba na kami ay iyong pinasampa sa isang lupain na binubukalan ng gatas at pulot, upang kami ay patayin sa ilang, kundi napapanginoon ka pa mandin sa amin?14 Bukod dito'y hindi mo kami dinala sa isang lupain na binubukalan ng gatas at pulot, ni binigyan mo kami ng manang bukid at mga ubasan: dudukitin mo ba ang mga mata ng mga taong ito? hindi kami sasampa." (Bilang 16:12-14) Ang Diyos sa tiyak na panahon ay ipapahintulot ang ganoong mga bagay upang mangyari, sa gayo'y makita natin nang malinaw ang totoong nasa loob ng mga tao para harapin natin sila at makaya natin sila at mabatid kung ano ang gagawin sa kanila. Ang ganyang uri ng mga tao ay mga ahas, at ang ating paninikluhod sa paa ng Panginoon ay maglalantad sa kanila at tutulong sa atin na makita nang malinaw kung sino sila.

E. Si Moises ay nanalangin sa Diyos na mas higit na nagtitiwala dahil sa lahat ng mga pagbibintang ay hindi totoo na pinaratangan siya bukod doon hindi siya nagsamantala sa kanila at wala siyang ginawang masama sa kanila gaya ng ating babasahin dito, "15 At si Moises

ay nag-init na mainam, at sinabi sa Panginoon, Huwag mong pagpitaganan ang kanilang handog: ako'y hindi kumuha ng isang asno sa kanila ni gumawa ng masama sa kanino man sa kanila.” (Bilang 16:15) Sa parehong paraan kapag tayo’y naninikluhod at nanalangin sa paanan ng Panginoon ipapakita sa atin ng Diyos na ang lahat ng pagpaparatang ng mga tao ay hindi tama at hindi tayo gumawa ng masama sa kanila, at tayoy may pagtitiwala sa hingin sa Diyos na huwag tanggapin ang kanilang mga handog at ang paglilingkod sa Diyos sapagkat iyon ay hindi nagmula sa paglilingkod kundi sa paghihimagsik. Panginoon huwag mong tanggapin ang mga paglilingkod ng mga naghimagsik at nagsanhi ng pagkakabaha-bahagi ng simbahan, iligtas mo ang mga inosenteng mga tao na nalinlaang at ibalik sila sa simbahan. Sa mga tao na lumapit kay Moises upang tutulan siya, sila ay may mga ministério na nasa ilalim ni Moises, at tinutulan nila siya dahil gusto nilang maunahan siya, kaya naman siya ay nanalangin na tanggihan ng Diyos ang kanilang ihahandog sa kanya, ngunit ang kanilang inihandog ay banal gaya ng ating ipapaliwanag sa baba sa puntong J.

F. Pagkatapos manalangin ni Moises ay nagkalakas ng loob upang tipunin ang mga tao na naghimagsik at dinala sila sa Panginoon para sa paghaharap gaya ng ating babasahin dito, “16 At sinabi ni Moises kay Core, Humarap ka at ang iyong buong kapisanan sa Panginoon, ikaw, at sila, at si Aaron, bukas:17 At kumuha ang bawa't isa ng kaniyang suuban, at lagyan ninyo ng kamangyan, at dalhin ninyo sa harap ng Panginoon, na bawa't isa'y magdala ng kaniyang suuban, na dalawang daan at limang pung suuban; ikaw naman at si Aaron, bawa't isa sa inyo'y may kaniyang suuban.18 At kinuha ng bawa't isa ang kaniyang suuban, at kanilang nilagyan ng apoy at kanilang pinatungan ng kamangyan, at sila'y tumayo sa pintuan ng tabernakulo ng kapisanan na kasama ni Moises at ni Aaron.19 At pinisan ni Core ang buong kapisanan laban sa kanila sa pintuan ng tabernakulo ng kapisanan: at ang kaluwalhatian ng Panginoon ay lumitaw sa buong kapisanan.” (Bilang 16:16-19) Sa parehong paraan pagkatapos nating manikluhod at manalangin tayo ay magkaka-lakas ng loob na tipunin ang mga tao para sa paghaharap, at ang Diyos ay naroroon at ang Kanyang presensya ay sasaatin.

G. Habang si Moises ay kumilos nang may lakas ng loob, siya ay tinulungan ng Diyos at lumitaw sa kalagitnaan ng kalagayang iyon at sinalita kay Moises at Aaron at ipinahayag na lilipulin Niya ang kapisanan gaya ng ating babasahi dito, “20 At sinalita ng Panginoon kay Moises at kay Aaron, na sinasabi,21 Humiwalay kayo sa gitna ng kapisanang ito, upang aking lipulin sila sa isang sangdali.” (Bilang 16:20-21) Ang katulad ng gustong gawin ng Diyos sa Bilang 14, kaya si Moises at Aaron ay napilitang nanikluhod, at namagitan sa Diyos na huwag patayin ang lahat ng mga tao sa loob ng isang araw. “22 At sila'y nagpatirapa, at nagsabi, Oh Dios, na Dios ng mga diwa ng lahat ng laman, sa pagkakasala ba ng isang tao ay magagalit ka sa buong kapisanan?” (Bilang 16:22) Sa parehong paraan kailangan nating gawin ang ganoon kapag ang ilang mga tao ay nagkasala at ang Diyos ay paparusahan ang lahat at kukunin sila palabas mula sa buhay ng Kanyang simbahan.

H. Si Moises at Aaron pagkatapos nilang manalangin sinagot ng Diyos ang kanilang mga panalangin na naglagay ng kamatayan sa buong kapisanan kundi sa mga nanguna sa kanila magligaw at ibinigay kay Moises ang tagubilin para sa mga tao ng kanilang kinakailangang gawin upang maprotektahan gaya ng ating babasahin dito, “23 At sinalita ng Panginoon kay Moises, na sinasabi,24 Salitain mo sa kapisanan na iyong sabihin, Lumayo kayo sa palibot ng tabernakulo ni Core, ni Dathan, at ni Abiram.25 At si Moises ay tumayo at naparoon kay Dathan at kay Abiram; at ang mga matanda sa Israel ay sumunod sa kaniya.26 At sinalita ni Moises sa kapisanan na sinasabi, Magsilayo kayo, isinasamo ko sa inyo, sa mga tolda ng masasamang taong ito, at huwag kayong humipo ng anomang bagay nila, baka kayo'y mamatay sa lahat nilang kasalanan.27 Gayon sila nagsilayo sa tabernakulo ni Core, ni Dathan, at ni Abiram sa lahat ng dako: at si Dathan at si Abiram ay nagsilabas, at nagsitayo sa pintuan ng kanilang mga tolda, at ang kanilang mga asawa, at ang kanilang mga anak, at ang kanilang bata.” (Bilang16:23-27) Sa parehong paraan ibibigay sa atin ng Diyos ang utos sa lahat ng mga tao na walang muwang at iniligaw ng ibang mga manggagawa na nanguna sa kanila para iligaw. Sa bawat paghihimagsik mayroong mga inosenteng mga tao at kailangan nating ipanalangin sa Diyos upang iligtas sila at kunin sila palabas mula sa kanilang panlilinlang.

I. Ibinigay ng Diyos ang Salita kay Moises kung ano ang kinakailangan na sabihin at ipahayag sa paghatol ng Diyos at ginawa ng Panginoon ang sinabi ni Moises gaya ng ating babasahin dito, “28 At sinabi ni Moises, Dito ninyo makikilala na ako'y sinugo ng Panginoon na gawin ang lahat ng mga gawang ito; sapagka't hindi kinatha ng aking sariling pagiisip.29 Kung ang mga taong ito ay mamatay sa karaniwang kamatayan ng lahat ng tao, o kung sila'y dalawin ayon sa karaniwang pagdalaw sa lahat ng tao; ay hindi nga ako sinugo ng Panginoon.30 Nguni't kung ang Panginoon ay lumikha ng isang bagong bagay, na anopa't ibuka ng lupa ang kaniyang bibig, at sila'y lamunin, sangpu ng buong nauukol sa kanila, at sila'y ibabang mga buhay sa Sheol; ay inyo ngang mapagkikilala na minungkahi ng mga taong ito ang Panginoon.31 At nangyari, na pagkatapos na masalita niya ang lahat ng salitang ito, na ang lupa na nasa ilalim nila ay bumuka:32 At ibinuka ng lupa ang kaniyang bibig at nilamon sila, at ang kanilang mga sangbahayan, at ang lahat ng lalake na nauukol kay Core, at lahat ng kanilang pag-aari.33 Na anopa't sila at lahat ng nauukol sa kanila, ay nababang buhay sa Sheol: at sila'y pinagtikuman ng lupa, at sila'y nalipol sa gitna ng kapisanan.” (Bilang 16:28-33) Sinabi ni Moises na ang lupa ay bubuka at kakainin sila, at ginawa ng Diyos ang katulad. Sa karagdagan ang mga tao ay natakot sa ginawa ng Panginoon gaya ng ating babasahin dito, “34 At ang buong Israel na nasa palibot nila ay tumakas sa hiyaw nila; sapagka't kanilang sinabi, Baka pati tayo'y lamunin ng lupa.” (Bilang 16:28-34) Nagpadala pa ang Diyos ng Kanyang kaparusahaan sa lahat ng dalawang daan at limam pung prinsepe na nanguna sa iba na maligaw gaya ng ating babasahin dito, “35At apoy ang lumabas na mula sa Panginoon, at nilamon ang dalawang daan at limang pung lalake na naghandog ng kamangyan.” (Bilang 16:35) Sa parehong paraan habang tayo’y naninikluhod sa Kanyang harapan, ang Diyos ay gagawa ng parehong iba’t ibang kahanga hangang mga bagay sa pagharap sa mga kasalanan ng mga tao, at dadalhin ang kanyang paghatol sa mga titindig laban sa atin, sa namumuno ng simbahan, gaya ng ginawa Niya sa Bilang 14 sa pagkuha sa sampung lalake na nagdala ng masamang balita at nagpahina ng loob sa mga tao at kinuha sila upang iligaw.

J. Ipinaliwanag din ng Diyos kay Moises na ang mga makasalanan na pinatay, ang kanilang inihandog ay banal, “Ang kamangyan ng mga makasalanang ito laban sa kanilang sariling kaluluwa”, ay pinatili at ibinigay upang gawing panakip para sa tabernakulo at isang tanda na aalalahain para sa iba, na walang dayuhan, na hindi sa binhi ni Aaron, ay makakalapit upang maghandog ng kamangyan sa harapan ng PANGINOON; gaya ni Core, at ginawa ng kanyang kasama sa pag-aakalang sakupin ang pamumuno ng simbahan: “36 At sinalita ng

Panginoon kay Moises, na sinasabi,37 Salitain mo kay Eleazar na anak ni Aaron na saserdote, na kaniyang kunin ang mga suuban sa sunog, at magkalat ng apoy doon; sapagka't mga banal yaon;38 Pati ng mga suuban ng mga makasalanang ito laban sa kanilang sariling buhay, at gawin mo sa kanilang mga laminang pinukpok na pinaka pangtakip sa dambana: sapagka't kanilang inihandog sa harap ng Panginoon: kaya't mga banal: at magiging isang tanda sa mga anak ni Israel.39 t kinuha ni Eleazar na saserdote ang mga tansong suuban na inihandog ng mga nasunog; at kanilang pinukpok na ginawang pinaka pangtakip sa dambana:40 Upang maging pinakaalaala sa mga anak ni Israel, upang sinomang ibang tao na hindi sa mga anak ni Aaron ay huwag lumapit na magsunog ng kamangyan sa harap ng Panginoon; upang huwag magaya kay Core at sa kaniyang mga kasama: gaya ng sinalita ng Panginoon sa kaniya sa pamamagitan ni Moises." (Bilang 16:36-40) Sa parehong paraan ay mayroong idagdag sa atin, sa Kanyang simbahan, at sa ministerio sa mga tao na naghimagsik at nagsanhi ng pagkabaha-bahagi ay inialay sa materyal na paraan at mula rito ay gagamitin ayon sa direksyon ng Diyos ay magiging alaala na hindi gagawin ng iba tulad ng ginawa nila noong gusto nilang kunin ang ating katungkulan bilang mga pinuno para sa simbahan ng Diyos.

K. Mula sa parusa ng Diyos sa lahat ng mga tao na nagreklamo laban kay Moises at kay Aaron na pinatay nila ang bayan ng Panginoon, at nang sila'y nagpisan laban sa kanila, ang Panginoon ay lumitaw at sinalita kay Moises na lumayo sa kapisanan at sila ay papatayin, at itininungo nila ang kanilang mga mukha nanalangin sa Diyos upang muli na huwag patayin silang lahat sa loob ng isang araw, at inutusan ni Moises si Aaron na manatili sa pagitan ng namatay at nabubuhay sapagkat ang salot ay nagsimula na, at ang salot ay tumigil pagkatapos ng pagkamatay ng 14700 gaya ng ating babasahin dito, "41 Datapuwa't sa kinabukasan ay inupasala ng buong kapisanan ng mga anak ni Israel si Moises at si Aaron, na sinasabi, Inyong pinatay ang bayan ng Panginoon.42 At nangyari, nang magpipisan ang kapisanan laban kay Moises at laban kay Aaron, na sila'y tumingin sa dako ng tabernakulo ng kapisanan; at, narito, tinakpan ng ulap at ang kaluwalhatian ng Panginoon ay lumitaw.43 At si Moises at si Aaron ay naparoon sa tapat ng tabernakulo ng kapisanan.44 At sinalita ng Panginoon kay Moises, na sinasabi,45 Lumayo kayo sa gitna ng kapisanang ito, upang aking lipulin sila sa isang sangdali. At sila'y nagpatirapa.46 At sinabi ni Moises kay Aaron, Kunin mo ang iyong suuban, at lagyan mo ng apoy mula sa dambana at patungan ng kamangyan, at dalhin mong madali sa kapisanan, at itubos mo sa kanila: sapagka't may galit na lumabas sa harap ng Panginoon; ang salot ay nagpapasimula na.47 At kinuha ni Aaron gaya ng sinalita ni Moises, at siya'y tumakbo sa gitna ng kapulungan; at, narito, ang salot ay nagpasimula sa gitna ng bayan; at siya'y naglagay ng kamangyan at itinubos sa bayan.48 At siya'y tumayo sa gitna ng mga patay at ng mga buhay; at ang salot ay tumigil.49 Ang nangamatay nga sa salot ay labing apat na libo at pitong daan, bukod pa yaong nangamatay dahil kay Core.50 At si Aaron ay nagbalik kay Moises sa pintuan ng tabernakulo ng kapisanan: at ang salot ay tumigil." (Bilang 16:41-50) Si Aaron ay nanalangin at namagitan para sa mga taong nalinlang na mapatawad at patawarin ng Diyos at bigayan ng isang pang pagkakataon na mabuhay. Sa parehong paraan kailangan nating tumayo sa pagitan ng mga namatay at nabubuhay; tayo ay tinawag upang manikluhod at manalangin at mamagitan para sa walang muwang at nalinlang ng iba, na hindi sila aalisin ng Diyos sa Kanyang simbahan, upang patawarin sila ng Diyos at bigyan sila ng isa pang pagkakataon upang magsisi at mabuhay para sa Kanya.

Sa aking Mahal at Minamahal: Sa pagharap sa paghihimagsik ni Core, Dathan, at Abiram. Si Moises at Aaron ay nagpatirapa, at sa gayong katayuan ibinigay ng Diyos sa kanila ang karunugan kung paano hawakan ang sitwasyon at kung ano ang sasalitain sa mga naghihimagsik at upang mamagitan sa Diyos na huwag ilagay ang buong kapulunagn lalo na sa mga inosente para mamatay. Ang Panginoon ay tumugon sa kanilang mga pananalangin at ipinagkaloob sa kanila ang karunungan kung ano ang sasalitain sa mga naghihimagsik, at paano Niya tinapos ang kanilang buhay sa pamamagitan ng isang partikuar na uri ng kamatayan gaya ng lumabas sa bibig ni Moises.

Sa pagharap sa mapaghimagsik na mga tao, magpatirapa sa harap ng Panginoon ay makakatulong sa atin at ipapagkaloob sa atin ang karunungan kung paano hawakan ang panahon ng kagipitan, kung ano ang sasabihi sa mga naghimagsik at kung paano manalangin at kung ano ang sasabihin sa Diyos upang iligtas ang mga nalinlang ng iba.

Sa paanan ng Panginoon, magpatirapa, tayo ay nasa tamang posisyon sa pagharap sa mga suliranin, upang harapin ang mga paghihirap, upang tanggapin ang karunungan at direksyon mula sa Panginoon, upang mamagitan, upang manalangin, upang tanggapin ang mga himala, at probisyon ng Diyos at sumulong para susunod na hakbang ng ating buhay. Pag-isipan ang mensahe at bagong mga bagay na iyong natutunan at isalapat sa iyong buhay upang ikaw ay sumulong sa iyong pananampalataya at lumakad at maglingkod sa Diyos.

Ang aking Panalangin: Amang Diyos Ako ay lumalapit sa harap mo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat sa lahat ng aking tinanggap at natutunan mula sa iyong salita sa akin.

Ating ipagtapat at talikuran ang lahat ng mga kasalanan sa Panginoon. Panginoon patawarin ako sa sumusunod na mga kasalanan

Panginoon tulungan akong maisalapat ang aking natutunan ngayon mula sayo at bigyan mo ako ng karunugan at paalalahanan ako na ilapat iyon sa tamang sitwasyon at ang tamang pagsasagawa para doon. Panginoon bigyan ako ng higit ng pagkilala, karunungan, at katapangan na sumulong at harapin ang matitigas na ulo ng mga tao at makipagtulungan sayo upang linisin ang iyong simbahan mula sa paghihimagsik. Panginoon pusposin ako ng iyong pagibig at habag para manalangin at mamagitan para sa mga nalinlang at pinilit ng iba para magkasala laban sa iyo sa gayo'y sila'y maligtas mula sa mga kamay ng mga nagsanhi ng pagkaba-bahagi na luminlang sa kanila at kinuha sila palayo.

Panginoon ako'y nanalangin para sa aking mga kapatid na mga lalake at babae na nagsisisi sa kanilang mga kasalanan, Panginoon panumbalikin sila, at pusposin sila ng Banal na Espiritu at patuloy na ituro sa kanila ang iyong daan upang silay maging epektibo na pumaroon at maglingkod sayo. Panginoon protektahan sila at ibigay ang lahat ng kanilang pangangailangan.

Panginoon pagpalain kami bilang simabahan, muli pusposin kami ng Banal na Espiritu at paging dapatin kami na makapagebanghelyo at abutin ang bagong mga lugar ng mabuting balita ni Jesus at gumawa ng bagong mga disipolo. Panginoon paging dapatin kaming makapagtanim ng bagong mga pag-aaral ng Bibliya at bagong kapisanan para sa simbahan. Panginoon tuparin ang pananaw ng simbahan, pagpaparami sa kapayapaan ng may pagpapatupad ng buong kalooban ng Diyos. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan, sa gayo'y hindi naming madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus, at ang pagibig ng Diyos at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316 2014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com